TAGALOG

Impormasyon Tungkol sa Sakit na Meningococcal
Mga nasa Grado na 6-12

Minamahal na Magulang/Tagapag-alaga:

Natanggap mo ang liham na ito sa dahilang ikaw ay may mag-aaral sa Pampublikong Paaralan ng Seattle na nasa ika-6 – ika-12 na grado. Alinsunod sa RCW 28A.210.080, ipinag-uutos na ngayon ng mambabatas na magbigay ng impormasyon tungkol sa mga sanhi, sintomas, at mga pamaraan sa pagpigil ng meningococcal na meninghitis. Ang sakit na ito ay maaring makamatay, kaya mahalaga na malaman ang impormasyon na ito.

Ang sakit na meningococcal ay sanhi ng isang grupo ng bakterya na nasa ilong at lalamunan; ito ay maaring maging sanhi ng sakit na meningococcal na meninghitis. Ang mga nasa kabataang gulang at mga kasibulan ay may mataas na porsiyento na magkaroon ng meninghitis, kumpara sa pangkalahatang populasyon. Ang mga sintomas ng sakit na ito ay kinabibilangan ng lagnat, panginginig, singaw sa balat na karaniwang mapula, sakit ng ulo, pagkalito at paninigas ng leeg. Ang sakit ay kumakalat sa pamamagitan ng pakikipagdiit sa mga bagay na nakakahawa, kabilang na ang pakikipaghalikan, pag-ubo, pagbahin, o hiraman ng mga kagamitan sa pagkain at inumin.

Nais ng Kagawaran ng Kalusugan sa Estado ng Washington na ipaalam sa inyo ang sakit na ito at ang pagkakaroon ng bakuna para mapangalagaan laban sa meninghitis. Ang pagpapabakuna ay maaring maprotektuhan ng mahigit pa sa 83% na sakit ng meninghitis na nakikita sa mga kabataang gulang at mga kasibulan. Habang ang bakuna ay isinasaalang-alang para sa mga bata na papasok sa middle school (edad 11-120 at haiskul (edad 15), ang bakuna ay makakatulong sa lahat ng tin-edger at mga kasibulan. **Ang bakuna ay hindi kinakailangan para makapasok.**

Hinihikayat kayo ng Kagarawan ng Kalusugan na alamin pa ang tungkol sa sakit na meninghitis at kausapin ang manggagamot ng inyong anak tungkol sa bakuna. Maari kang makakuha ng karagdagang impormasyon mula sa mga websites na ito:

- **Public Health Seattle/King County --** (206) 296-4600
  www.metrokc.gov/health/immunization/clinics.htm

- **Washington State Department of Health Immunization Program**
  www.doh.wa.gov/cfh/Immunize/meningococcal.htm

- **Centers for Disease Control and Prevention**
  Impormasyon tungkol sa Bakuna: www.cdc.gov/nip/publications/vis/vis-mening.pdf
  Impormasyon tungkol sa Sakit: www.cdc.gov.ncidod/dbmd/diseaseinfo/meningococcal_g.htm
  Katunayang mga Pahayag: www.cdc.gov/nip/vaccine/meninig/mening_fs.pdf

Manedyer ng Programa
Student Health Services (Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Mag-aaral)
Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle

Pinagtibay Setyembre 2005